UK Health Security Agency

NHS



# Bakuna laban sa COVID-19

# para sa mga taong may mahinang immune system

Pinapayuhan ang mga taong may lubos na mahinang immune system na magpaturok ng ikatlong dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Ito ay para makatulong na pahusayin ang anumang proteksyon na maaaring nabuo na ng katawan ninyo mula sa unang 2 dosis, at ibinibigay ito bago ng inyong mga booster.

## Ano ang COVID-19 o coronavirus?

Ang COVID-19 ay isang labis na nakakahawang respiratoryong sakit na dulot ng SARS-CoV-2 virus. Maaari itong napakalubha sa mga taong may mahinang immune system. Walang lunas para sa COVID-19 bagaman napapababa ng ilang kamakailang sinubukang paggamot ang panganib ng mga kumplikasyon.

## Bakit ako inaalok ng ikatlong dosis ng bakuna laban sa COVID-19?

Inaalok ang ikatlong dosis na ito sa lahat ng nasa edad 5 taong gulang pataas na may mahinang immune system noong panahon na sila'y tinurukan ng kanilang unang 2 dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Posibleng hindi kasing-husay ng reaksyon ng ibang tao sa bakuna ang naging reaksyon ng katawan ninyo. Ang ikatlong dosis na ito ay maaaring makatulong na pahusayin ang inyong immune response at bigyan kayo ng mas mabuting proteksyon.

Maaaring payuhan kayo ng inyong espesyalista kung naaangkop ito sa inyo. Sa pamamagitan ng ikatlong dosis, maaari ninyong mapababa ang inyong tsansang makakuha ng COVID-19 na sakit.

At, kung nagkasakit man kayo nito, maaaring hindi na gaanong kalubha ang mga sintomas at mas maikli ang pagkakasakit, kaysa kung hindi kayo nabigyan ng ikatlong pagbabakuna.

Ang mga taong kailangan ng ikatlong dosis ay iyong may labis na mahinang immune system noong panahon ng kanilang unang 2 dosis. Kabilang sa mga ito ang mga taong nagkaroon o mayroon ng:

- kanser sa dugo (tulad ng leukaemia o lymphoma)
- mas mababang immunity dahil sa paggamot (tulad ng gamot na steroid, biological therapy, chemotherapy o radiotherapy)
- mas mababang immunity dahil sa namanang mga problema ng immune system
- isang organ o bone marrow transplant
- mga sakit na nakakaapekto sa immune system tulad ng hindi maayos na nakontrol na HIV
- iba pang mga sakit o paggamot tulad ng ipinapayo ng inyong espesyalista

UKHSA_12308_COVID-19_Weakened immune systems A5 2pp flyer GW20211269 06b-tgl.indd 1 11/03/2022 13:51:26

## Kailan ako dapat maturukan ng ikatlong dosis?

Kakailanganin ninyo ng 1 dagdag na dosis para mapahusay ang inyong proteksyon. Ang inyong dagdag (ikatlo) na dosis ay dapat ibigay nang kahit 8 linggo pagkatapos ng inyong pangalawang dosis.

Pagkatapos nito, maaari din ninyong kailanganing magpaturok ng mga booster na dosis upang mapahaba ang inyong proteksyon – dapat ibigay ang anumang booster mula 3 buwan pagkatapos ng inyong dagdag (ikatlong) na dosis.

## Mga side effect

**Kabilang sa mga napakakaraniwang side effect ang:**

- pagkakaroon ng masakit at mabigat na pakiramdam sa braso kung saan ka tinurukan. Posibleng lumala ito sa loob ng 1 hanggang 2 araw pagkatapos mabakunahan
- pakiramdam ng pagkapagod
- pananakit ng ulo
- mga pangkalahatang pananakit ng katawan, o mga sintomas na tulad ng sa banayad na trangkaso

Maaari kayong magpahinga at uminom ng paracetamol (sundin ang payo sa dosis sa pakete) upang makatulong na bumuti ang inyong pakiramdam. Bagaman hindi kakaiba ang makaramdam na parang nilalagnat nang 2 hanggang 3 araw, hindi karaniwan ang isang mataas na temperatura at maaaring nagpapahiwatig na mayroon kayong COVID-19 o iba pang impeksyon.

Ang mga sintomas kasunod ng pagbabakuna ay kadalasang tumatagal nang wala pang isang linggo. Kung tila lumalala ang inyong mga sintomas o kung nag-aalala kayo, maaari kayong tumawag sa NHS 111.

## Paano magpabakuna nito

Puwede kayong mag-book online o pumunta sa isang walk-in na klinika para sa inyong ikatlong dosis. Upang matulungan ang klinika na matiyak kung karapat-dapat kayo, mangyaring magdala ng anumang mga sulat mula sa inyong GP o espesyalista o mga detalye ng gamot na iniinom ninyo.

## Mga taong hindi dapat mabigyan ng ikatlong pagbabakuna

Kung nagkaroon kayo ng napakalubhang reaksyon sa naunang dosis ng bakuna, dapat ninyo itong talakayin sa inyong doktor.

## Kung may nakaligtaan kayong pagbabakuna

Kung hindi pa kayo natuturukan ng alinman sa inyong unang 2 dosis ng bakuna, dapat kayong magpaturok nito sa lalong madaling panahon.

Kung lampas na sa 8 linggo mula sa inyong pangalawang dosis, isaayos na makakuha ng inyong dagdag (ikatlo) na dosis sa lalong madaling panahon.

Kung 12 taong gulang kayo pataas, kakailanganin din ninyo ng booster. Dapat ibigay ang inyong booster mula 3 buwan pagkatapos ng inyong ikatlong dosis.

Kung nabigyan na kayo ng booster, magiging karapat-dapat din kayo para sa isa pang booster ngayong panahon ng tagsibol.

Kung hindi, maaari kayong magpaturok ng booster sa lalong madaling panahon bilang bahagi ng kampanya para sa panahon ng tagsibol.

Posibleng kailanganin ninyo ng isa pang booster sa darating na panahon ng taglagas.



## Higit na impormasyon

**www.nhs.uk/conditions/coronavirus-covid-19/coronavirus-vaccination/**

at mababasa ninyo ang Ano ang Maaasahan pagkatapos ng inyong pagbabakuna laban sa COVID-19 dito **www.gov.uk/government/publications/covid-19-vaccination-what-to-expect-after-vaccination**

© Crown copyright 2021. UK Health Security Agency gateway number: 20211364.
Product code: C22WI2TG Tagalog. 500K 2p MAR 2022 (APS). Version 3. 02/03/2022. If you want to order more copies of this leaflet using the product code C22WI2TG Tagalog, please visit: www.healthpublications.gov.uk